

Tungkulin nating mga magulang na pangalagaan ang kalusugan ng ating mga anak. Alamin ang buwanang impormasyon pangkalusugan!

Alam ba ninyo ang kalendaryo ng Pangkalusugan?

Ang kalendaryo ng pangkalusugan ay isinagawa ng munisipyo at naglalaman ng mga impormasyon ukol sa kalusugan at mga programang pampubliko para sa buong taon. Sa isyong ito ay tatalakayin natin ang tungkol sa binagong proseso ng pagpabakuna ng BCG para sa mga sanggol at mga bata na sisimulan ngayong Abril.

Ang Tuberculosis Prevention Law ay binago. Gayundin ang pagbakuna ng BCG sa mga sanggol at mga bata

Mula sa Abril ay sisimulan ang pagbabakuna ng BCG na wala nang Tuberculin reaction test.

Matapos baguhin ang Tuberculosis Prevention Law, sisimulan din sa Abril ang pagbabakuna ng BCG na wala nang Tuberculin reaction test. Mga sanggol na may edad na 5 buwan o mas mababa ay maari nang magpabakuna.

Sa mga taga-Fujimishi kung saan indibidual ang pagpapabakuna, maari rin silang magpabakuna, magtungo lamang sa designadong mga institusyon.

Samantala, ang mga batang may 6 na buwan at pataas ay hindi maaring magpabakuna ng indibidual mula Abril, kailangang magpalista sila sa grupong pagbabakuna sa Health Promotion Center hanggang sa katapusan ng Marso.

(Hanggang Marso 31, 2005)

Kasalukuyan

- : Mga batang may edad na 3 buwan ~ 48 buwan
- : Kung negatibo ang Tuberculin reaction test , maaring magpa- BCG
- : Lugar : Health Promotion Center



(Mula Abril 1, 2005)

Nabago

- : Mga batang may 6 na buwan at pababa
- : Pagpabakuna : BCG vaccination (walang Tuberculin reaction test)
- : Lugar : medikal na institusyon at klinika sa Fujimi-shi

✦ Para sa detalye, tumawag lamang sa :

- Fujimishi : Health Promotion Center • • • 049-252-3771
- Kamifukuoka : Public Health Center • • • • • 049-264-8292
- Oimachi : Public Health Center • • • • • 049-266-2300
- Miyoshimachi : Environment & Health • • • • • 049-258-0019

INFORMATION

Halina kayo at sumali tayo sa International salon

Kailan : Marso 6 (Sun) 2~4 pm
Lugar : Mizutanikouminkan
Kabayaran : ¥200 (snacks)

Tayo ng magsama-sama at magkasayahan kasama ang iba pang mga banyagang residente. Mayroon ding palabas kava sumali na!



Magkasama-sama at magka-balitaan! Pagtitipon ng mga banyaga

Maaring nagkakausap at nagtutulungan kayong magkakabayan subalit siguro hindi din ninyo nakikilala ang taga iba pang bansa na naninirahan din dito sa Japan. Sa dahilang ito ay nagbukas kami sa FICEC para magkaroon ng pagkakataong magkakilalanan ang mga banyaga at kapwa banyaga at magtipon-tipon isang beses man lang isang buwan. Halina kayo at makipagbalitaan sa kapwa nating mga banyaga din.

Lugar: Fujimino International Cultural Exchange Center

Kailan: tuwing ika-3 na Lunes , 1~3 pm

Ang susunod na pagtitipon ay sa on Pebrero 21 (Mon.)

Libre. May inuming tsaa at snacks pa.

Hindi na titingnan ang keyboard PC Typing Class

“Touch typing” ay paglalagay ng data (mga letra o simbolo) sa computer watching display sa halip na paggamit ng keyboard.

Maaring gamitin ang 10 daliri gaya ng pagtugtog ng instrumento sa pag-type sa mismong display ng computer.

Libre ang pag-aaral para sa mga banyaga.

Lugar: Fujimino International Cultural Exchange Center

Kailan: tuwing Linggo (4 na beses) sa Marso, 10~12 am

Bayad: ¥4,000 para sa mga Japanese



Libreng pagpapayo para sa mga banyagang residente

Kung kayo ay may suliranin o problema at wala kayong makausap at mahihingan ng payo, kami sa Foreign residents advisory center (FICEC), ay handang tumulong sa inyo. Sa mga banyagang naninirahan sa Fujimishi, Kamifukuokashi, Oimachi, at Miyoshimachi, ang aming tanggapan ay bukas para makatulong sa inyong pangangailangan . Tumawag lamang sa :

049-253-7744 Pagkunsulta at pagpapayo ay libre.

Paunawa . . . Sa nakaraang December issue ng FICEC ay nasabing maaring gamitin ang isang rehistradong card sa mga aklatan ng alinman sa mga nasabing 2 syudad at 2 bayan. Subalit dapat palang magparehistro sa bawat bayan o syudad para magamit ang serbisyo ng mga aklatan o libraries.